MANILA TIMES (16 DEC 2015)

# [ QUEZON CITY ORDINANCE NO. SP-2455, S-2015, December 01, 2015 ]

### 72th Regular Session

### ORDINANSANG NAG-AATAS SA PANGKAT NG SERBISYONG PAMBATASAN, SA ILALIM NG TANGGAPAN NG KALIHIM NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD, NA ISALIN ANG MGA PILING PINAGTIBAY NA ORDINANSA NG LUNGSOD SA WIKANG FILIPINO

---

*Inihain ni Konsehal JULIENNE ALYSON RAE V. MEDALLA.*

*Tinangkilik nina Konsehal, Anthony Peter D. Crisologo, Ricardo T Belmonte, Jr., Dorothy A. Delarmente, Lena Marie P. Juico, Victor V. Ferrer, Jr., Alexis R. Herrera, Precious Hipolito Castelo, Voltaire Godofredo L. Liban III, Roderick M. Paulate, Ranulfo Z. Ludovica, Ramon P. Medaila, Estrella C. Valmocina, Allan Benedict S. Reyes, Gian Carlo G. Sotto, Franz S. Pumaren, Eufemio C. Lagumbay, Jose Mario Don S. De Leon, Jaime F. Borres, Jesus Manuel C. Suntay, Marvin C. Rillo, Vincent DG. Belmonte, Raquel S. Malañgen, Jessica Castelo Daza, Bayani V. Hipol, Jose A. Visaya, Godofredo T. Liban II, Andres Jose G. Yllana, Jr., Allan Butch T Francisco, Karl Edgar C. Castelo, Candy A. Medina, Diorella Maria G. Sotto, Marivic Co-Pilar, Rogelio "Roger" P. Juan, Melencio "Bobby" T. Castelo, Jr. at Donato C. Matias.*

---

*KUNG SAAN, ayon sa Artikulo 14, Seksyon 6 ng 1987 Konstitusyon, "Ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino. Samantalang nililinang, ito ay dapat payabungin at pagyamanin pa salig sa umiiral na wika sa Pilipinas at sa iba pang mga wika";*

*KUNG SAAN, ang Seksyon 7 ng parehong Konstitusyon ay nagsasaad na "Ukol sa layunin ng komunikasyon at pagtuturo, ang mga wikang opisyal ng Pilipinas ay Filipino at, hangga't waiang ibang itinatadhana ang batas, Ingles";*

*KUNG SAAN, Simula noong 1947 hanggang sa taong 2015, ang Konseho ng Lungsod Quezon ay nagpatibay ng higit sa labing tatlong libo (13,000) na mga Ordinansa kung saan, maliban sa isa, ang lahat ay nakasulat sa wikang ingles;*

*KUNG SAAN, ang mga batas ng Lungsod ay ipinaiiral sa kapakanan ng lahat ng mga mamamayan ng Lungsod Quezon na siyang dapat bigyan ng pagkakataon na maunawaan ang mga Ordinansang nakaka-apekto sa kanilang mga buhay;*

*KUNG SAAN, ang pagkakaroon ng mga kopya ng mga Ordinansa ng Lungsod na isinalin sa Filipino ay isang paraan ng pagtataguyod ng paggamit ng wikang*